# DDS

DANILO P. ELLAMIL JR.

Nagsimula ang lahat sa nasà. Gusto nila
ng pagbabago, mula sa isang bagong panginoon.
Ang nasà ay unti-unting naging libog
Ang apoy sa loob ay unti-unting nag-alab.
Narito ang pagbabago, sabi niya.
Ngumanga ang mga naghahangad, inilabas
ang mga dila upang sahurin ang pangako.
Dahan-dahan silang pumikit at ninamnam
ang binhi gáling sa ari ng Mesiyas.
Ngayon, ang libog ay naging pananalig.
Sinamba nila ang kaniyang katawan
hanggang ang katas sa kanilang bibig
ay naging dugo, at hindi na sila pa muling nakamulat.